

Ospital

# Ahensiya ng HIC sa Paghahanap ng Boluntaryong Medikal na Tagapagsalin

HIC 医療通訳ボランティア派遣事業

- [Gusto ko magpatingin sa ospital dahil hindi maganda ang kalagayan ng aking katawan, ngunit hindi ako nakakaintindi ng wikang Hapon.]
- [Gusto ko magkaroon ng tagapagsalin kapag nagpatingin sa ospital, ngunit wala akong mapakisuaan.]

Para sa mga taong galing sa ibang bansa na nakatira sa loob ng prefecture, na dahil walang kakayahan sa wikang Hapon ay hindi sapat na makapagpatingin sa mga ospital, sisimulan ng Hiroshima International Center ang paghanap ng mga boluntaryong medikal na tagapagsalin mula Nobyembre 27, 2018.



## Ukol sa paggamit

### ① Sino ang maaaring gumamit nito?

- ➡ Mga taong galing sa ibang bansa na nakatira sa loob ng prefecture na hindi sanay sa wikang Hapon.

### ② May bayad ba?

- ➡ Hanggang Marso 31, 2019, ang gastos para sa boluntaryong tagapagsalin ay babayaran lahat ng HIC.

### ③ Ano ang mga wikang sinasalin?

- ➡ Ang wikang Igles, Intsik, Biyetnames, Tagalog at Espanyol.

### ④ Magagamit ba ito kahit saang ospital?

- ➡ Ang ospital lamang na magpapasa sa HIC ng aplikasyon sa pagpapahanap ng boluntaryong tagapagsalin ang makakagamit. Ang ibang ospital ay hindi makakagamit.
- Hanggang Marso 31, 2019, ang mga ospital sa loob ng Lungsod ng Hiroshima lamang ang maaaring makagamit.

### ⑤ Papaano magagamit ito?

- ➡ Magtanong lamang sa reception desk ng ospital na balak magpatingin o sa manggagamot. Kapag napasiyahan ng ospital na kailangan maghanap ng tagapagsalin, hihiling ang ospital sa HIC.
- Hindi makakahiling sa HIC ang ibang tao maliban sa ospital.

### ⑥ Kapag humiling ba talagang mabibigyan ng tagapagsalin?

- ➡ May kasong hindi makakahanap dahil sa kalagayan ng sitwasyon ng boluntaryo.


### ⑦ Sa ano naman ang kanilang isasalin?

- ➡ Lahat ng mga bagay na kailangang maintindihan sa ospital tulad ng sinasabi sa reception, habang nagpatingin, sa mga pagsusuri, sa pagbabayad, atbp.

### ⑧ Anong uring mga tao ang mga boluntaryong medikal na tagapagsalin?

- ➡ Sila ay nakapagsanay sa medikal na pagsasalin at magsasalin ng wasto. Pangangalagaan ang inyong mga nais ilihim. Maliban sa pagsasalin na hihilingin ng ospital hindi sila gagawa ng iba pang bagay.

## Daloy ng paraan sa paghahanap ng tagapagsalin



Hiroshima International Center (HIC)

公益財団法人 ひろしま国際センター

Mapagtatanungan

6F Hiroshima Crystal Plaza, 8-18 Nakamachi, Naka-ku, Lungsod ng Hiroshima 730-0037

Telepono: 082-541-3777

E-mail: hic-medical@hiroshima-ic.or.jp